ABRIL 2022

# NOTEBOOK NG PANGKALAHATANG KUMPERENSYA

**MAG-HANDA!**

Bago magsimula ang kumperensya, maaari kang maghandang pakinggan ang tinig ng Panginoon sa paghahangad na makatanggap ng personal na paghahayag.

- ◯ Nag-ukol na ba ako ng oras para sa personal na panalangin?
- ◯ Nabasa ko na ba ang aking mga banal na kasulatan?

**ISANG LUGAR PARA MAITALA ANG SARILI MONG MGA PERSONAL NA PAGHAHAYAG MULA SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA**

# MANALANGIN,

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland, "Ang paghahayag ay dumarating sa tuwina sa pagtugon sa isang tanong."[1]


## AT PAGKATAPOS AY MAKINIG

Ang pangkalahatang kumperensya ay magandang pagkakataon para malaman kung ano ang nais ipaalam at ipagawa sa iyo ng Panginoon. Pero, paano mo nalalaman na nangungusap Siya sa iyo? Nagsisimula ito sa pag-iisip tungkol sa buhay mo at kung anong tulong ang kailangan mo.

Narito ang ilang bagay na maaaring pag-isipan:

Mag-ukol ng oras na isulat kung anong personal na direksyon ang inaasam mong ibigay sa iyo ng Panginoon sa oras ng kumperensya.

Habang nakikinig ka sa pangkalahatang kumperensya, isaisip ang mga tanong na ito. Maaari kang bigyan ng Panginoon ng personal na patnubay.






# MAGTALA

Maraming dahilan kaya nagsusulat ng tala ang mga tao sa oras ng kumperensya. Ang pagtatala ay makakatulong sa iyo na mas mapansin at maalala ang narinig mo. Kapag nagsusulat ka ng tala, ipinapakita mo sa Panginoon na handa kang tumanggap ng personal na paghahayag at kumilos ayon dito.

Subukan ito! Habang nakikinig ka sa kumperensya, huwag kang mag-alala tungkol sa pagsulat ng bawat salitang sinasabi ng mga tagapagsalita. Kung may napalampas ka, maaari mong palaging balikan at basahin o panoorin ito kalaunan. Magtuon sa pagsulat ng iyong mga ideya at impresyon habang nagsasalita sila. Kung isusulat mo ang mga ito sa sandaling iyon, hindi mo na kailangang subukang alalahanin ang mga ito kalaunan.

Ang Kanilang Sinabi:

Ang Aking mga Damdamin at Impresyon:

Kailangan mo ba ng payo kung paano ito gawin? Narito ang ilan:

"Kapag nagsusulat ako ng mga tala sa kumperensya, hindi ko palaging naisusulat nang eksakto ang sinasabi ng tagapagsalita; ang isinusulat ko ay ang personal na direksyon na ibinibigay sa akin ng Espiritu. Ang *sinasabi* ay hindi kasinghalaga ng *naririnig* at *nadarama* natin."

*Elder Robert D. Hales (1932–2017)*[2]

Ang Kanilang Sinabi:

**MGA ESPESYAL NA PAANYAYA**

Ang mga lider ng Simbahan ay madalas magbigay ng mga paanyaya para tulungan tayong espirituwal na lumago. May narinig ka na bang anumang partikular na mga paanyaya sa mga sesyon? Isulat ang mga ito rito para hindi mo malimutan!



Ang Aking mga Damdamin at Impresyon:

**HUMINTO SANDALI!**

Nakatanggap ka na ba ng anumang sagot sa iyong mga tanong sa ngayon? Kung mayroon, isulat sandali ang patnubay at direksyong natanggap mo.

"Ipinapangako ko na habang naririnig ninyo ang tinig ng Panginoon sa mga turo sa pangkalahatang kumperensyang ito, at kapag kumilos kayo [ayon] sa mga pahiwatig na iyon, madarama ninyo ang paggabay ng langit, at ang inyong buhay at ang buhay ng mga nakapaligid sa inyo ay pagpapalain."

*Elder Neil L. Andersen*[3]

"Ang pinakamalaking mga pagpapala ng pangkalahatang kumperensya ay dumarating sa atin pagkatapos ng kumperensya. Alalahanin ang huwaran na madalas na nakatala sa banal na kasulatan: nagtitipon tayo para pakinggan ang mga salita ng Panginoon, at bumabalik tayo sa ating mga tahanan upang ipamuhay ang mga ito."

*Elder Robert D. Hales*[4]

Ang Kanilang Sinabi:

Ang Aking mga Damdamin at Impresyon:

**HUMINTO SANDALI!**

Nakatanggap ka na ba ng iba pang mga ideya tungkol sa mga bagay na kailangan mong patuloy na gawin, itigil, o simulang gawin para mapabuti ang iyong buhay?

**ESPESYAL NA MGA PAANYAYA**

Ang mga pinuno ng Simbahan ay madalas magbigay ng mga paanyaya para tulungan tayong espirituwal na lumago. May narinig ka na bang anumang partikular na mga paanyaya sa mga sesyon? Isulat ang mga ito rito para hindi mo malimutan!



# ANO ANG SUSUNOD PARA SA AKIN?

Napakagandang karanasan ang mapakinggan ang mga patotoo ng mga apostol at propeta! Tumanggap ka ba ng patnubay na makakatulong sa iyo sa buhay mo?

Ngayon ay magandang panahon para magtakda ng mga mithiin na tutulong sa iyo na kumilos ayon sa mga bagay na natutuhan mo. Narito ang ilang ideya:

- ◯ Pumili ng isa o dalawang personal na patnubay at gumawa ng plano na kumilos.
- ◯ Gumawa ng plano na kumilos ayon sa isa sa mga hamon o paanyayang narinig mo.
- ◯ Makinig sa isang mensahe sa kumperensya tuwing umaga habang naghahanda kang pumasok sa paaralan.
- ◯ Ibahagi ang isa sa mga paborito mong kuwento o sipi mula sa kumperensya sa isang kaibigan o sa social media.
- ◯ Magplano ng isang panahon na maibabahagi ng inyong pamilya ang nakintal sa puso at isipan ng bawat isa sa kumperensya.
- ◯ May iba ka pa bang ideya? Isulat ang sarili mong mithiin:

Gumamit ng gunting para gupitin ang bahaging ito ng pahinang ito. Pagkatapos ay maaari mo itong ilagay sa isang lugar na makikita mo araw-araw para ipaalala sa iyo ang iyong mga mithiin!

"Ang mga sagot sa inyong mga partikular na panalangin ay maaaring tuwirang magmula sa isang partikular na mensahe o mga kataga. . . . Ang marubdob na hangaring pakinggan at sundin ang mga payo ang maghahanda ng daan para sa personal na paghahayag."

*Elder Dieter F. Uchtdorf*[5]

**KAILANGAN PA NG KARAGDAGANG MGA KOPYA?**

I-download at i-print ang notebook na ito sa **conference.ChurchofJesusChrist.org.**

**Mga Tala**


1. Jeffrey R. Holland, "Huwag Nga Ninyong Itakuwil ang Inyong Pagkakatiwala," *Liahona*, Mar. 2000, 9.
2. Robert D. Hales, pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2013 (*Ensign* o *Liahona*, Nob. 2013, 6).
3. Neil L. Andersen, pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2017 (*Ensign* o *Liahona*, Nob. 2017, 126).
4. Robert D. Hales, pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2013 (*Ensign* o *Liahona*, Nob. 2013, 7).
5. Dieter F. Uchtdorf, "Pangkalahatang Kumperensya—Hindi Ordinaryong Pagpapala," *Ensign* o *Liahona*, Set. 2011, 4.



© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc.
All rights reserved.

ANG PAHINTULOT NA MULING I-PRINT ANG BUKLET NA ITO AY IPINAGKALOOB PARA SA PERSONAL AT DI-PANGKALAKAL NA PAGGAMIT. KABILANG DITO ANG PAHINTULOT SA MGA PINUNO NG WARD NA MAG-PRINT NG ILANG KOPYA PARA SA MGA PINAGLILINGKURAN NILA SA KAPASIDAD NG KANILANG MGA TUNGKULIN. KAILANGANG I-PRINT NANG BUO ANG MGA BUKLET. HINDI KASAMA RITO ANG PAHINTULOT NA I-POST ONLINE, GAMITIN PARA SA IBANG LAYUNIN, O IPAMAHAGI ANG MATERYAL NA ITO. ANUMANG KARAGDAGANG PAGGAMIT NG MATERYAL NA ITO AY NANGANGAILANGAN NG PAHINTULOT.

**permissions.ChurchofJesusChrist.org**



ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW